
# Mangyari sa Akin ang Iyong Sinabi

**A Lord's Flock Praise & Worship Topic**

Ni: Fr. Alex Balatbat

Disyembre 14, 2024



Nasa panahon tayo ng Adbiyento. Ito ay may tatlong yugto: 1) paghihintay ng pangalawang pagdating; 2) inaalala natin ang unang pagdating noong gabi ng Pasko; 3) **ang pagdating ng Panginoon sa araw-araw nating pamumuhay.** Handa na ba tayo? Nangyari ang kaligtasan dahil nakinig si Maria at isinuko ang sarili nang buong puso "Ako'y alipin ng Panginoon. Mangyari sa akin ang iyong sinabi," (Lk 1:38). Natutong sumunod si Maria dahil may pagmamahal ang kanyang puso. Ipinakita niya ang tunay na pagsunod sa kalooban ng Diyos. Ang pagsunod ay isang kilos ng kabanalan.

**1.Kung darating ang Diyos, magugulat tayo sa Kanyang makapangyarihang mensahe.** Masusubok ang ating buhay para mayakap natin ang tunay na kapayapaan at kaayusan.

1.1 Magdamag na nakipagbuno si Jacob sa Diyos. Nasaktan si Jacob, ngunit hindi siya namatay.

1.2 Nasalubong ni Saul (San Paul) si Hesus noong patungo siya sa Damascus. May labanan sa kanyang puso. Ganyan din ang nararanasan natin sa araw-araw: may mga bagay na alam natin hindi maganda ngunit ginagawa pa rin natin; nangangako tayong magbabago ngunit patuloy pa rin tayong gumagawa ng masama. Kung handa na tayong sumunod, magpapakita na ang Guro.

1.3 Maraming tanong si Zacarias. Sinabi ni Gabriel, "isara mo ang iyong bibig, makinig!" Naging pipi si Zacarias; kailangan niya ng espiritu ng katahimikan para maintindihan ang kalooban ng Diyos. Nakapagsalita lamang siya noong sumunod at pinangalanan niyang "Juan" ang kanyang anak. Pakikinig ang pinakamabuting paraan ng komunikasyon. Nakapagsasalita lamang tayo kung nakita at narinig ang katotohanan.

**2. Nasubok ang pagsunod ni Hesus.** Tinanong Niya, "Bakit mo Ako pinabayaan? Ayaw kong inumin ang tasa ng paghihirap." Ngunit ipinakita Niya ang sagradong pagsunod sa kabanalan. "Naganap na" at iniyuko ang ulo. Ang kaligtasan ay nangyayari lamang sa pamamagitan ng pagsunod. Hindi man natin lubos na naintindihan ngunit kung sumunod tayo, alam natin may magandang mangyayari.

**3.** Si Maria ay sumunod nang buong puso.

3.1 Marami ang di naintindihan si Maria: wala siyang karelasyon na lalaki; paano siya magkaka-anak?

3.2 Nasaktan si Maria, ngunit di niya iniwan ang Anak. Umiyak si Maria ngunit nanatili siya sa paanan ng krus. Iyan ang kapangyarihan ng mga pighati ni Maria – ang banal niyang pagsunod sa kalooban ng Diyos ay ang kabuuan ng pag-ibig. May mga oras na masasaktan tayo. Ngunit kung susunod tayo, mangyayari ang maganda sa atin.

**4.** Bilang taga-sunod ni Kristo, kailangan sumunod tayo kahit walang paliwanag.

4.1 Hindi kinakailangang magpaliwanag ang lider. Makasusunod lamang tayo kung marunong tayong makinig. At makikinig lamang tayo kung nagdesisyon tayong magmahal. Walang mahirap sa taong nagmamahal.

4.2 Paano natin malalaman ang kalooban ng Diyos?

- Masaya ba tayo sa ating desisyon?
- Payapa ba tayo?
- May krus ba ang ating desisyon? Madaling sumunod sa taong may mabuting pakay sa atin. Ngunit ang pagsubok ay kabahagi ng pagiging taga-sunod ni Kristo.

4.3 Ang panalangin ay tinuturuan ang puso na intindihin ang kalooban ng Diyos. "Opo Panginoon, maganap sa akin ang salita Mo."

4.5 Ang Pasko ay kamatayan ng Diyos. Namatay Siya bilang Diyos para mabigyan tayo ng buhay. Iniwan Niya ang langit para marating ang ating puso. Naging tao Siya para yakapin ang ating pagkatao. Binigyan tayo ng pagkakataon upang mayakap ang Diyos at masunod ang kalooban ng Ama na hindi tumitigil sa pagmamahal sa atin.

**5. Ang regalo ng Pasko ay pahinga.** Bakit tayo pagod? Siguro hindi natin sinusunod ang aral ng Pasko. Ang pahinga ay pagsunod sa kalooban ng Diyos. Ang pahinga ay hindi sa wala kang ginagawa. Maraming tao ang walang ginagawa pero pagod. Sa pagsunod sa kalooban ng Diyos, pinapasaya natin ang ating puso.

**Konklusyon:** Hingin natin sa Diyos ang biyayang pagsunod. Ang aral kay Maria ay pagsunod sa kalooban ni Hesus na kalooban din ng Ama. Magsimula tayo sa ating pamilya. Alam natin ang puso ng magulang: "umuwi sa bahay." Ipagdiwang natin ang Pasko! Hinihiling ng Diyos na umuwi tayo sa bahay ng Ama. Noong naging tao ang Anak, ipinakita Niya sa atin ang pagsunod sa Ama para dalhin Niya tayo sa ating tahanan.

**Pagninilay:** 1. Anong mga pagkakataon ang nagdusa ka dahil hindi ka sumunod sa iyong magulang?

2. Sa palagay mo, mas mabuti ang plano mo kaysa sa Diyos? Bakit ipinipilit mo ang iyong kagustuhan sa Diyos?

**SCRIBES Ministry**
Isinalin ni: Nida A. Cruz
https://lordsflock.org/teachings/digests
Tags: #pagsunod